New Jersey Department of Labor and Workforce Development

# New Jersey Earned Sick Leave

## Abiso ng mga Karapatan ng Empleyado

Tagalog

Sa ilalim ng batas ng New Jersey's 'Earned Sick Leave' ang mga manggagawa ay may karapatang lumikom ng hanggang apatnapung oras (40) ng 'earned sick leave' kada taon. Bisitahin ang nj.gov/labor upang malaman kung aling mga manggagawa and sakop ng batas.

**Ang mga kakasimula pa lamang na bagong manggagawa ay dapat maka tanggap ng kasulatang paunawa na ito galing sa kanilang pinaglilingkuran, at ang mga kasalukuyang maggagawa ay dapat ring maka tanggap ng nasabing kasulatang paunawa na hindli lalagpas sa Nobyembre 29, 2018. Ang mga tagapag empleyo ay dapat ring mag paskil ng paunawang ito sa lahat ng pinagtatrabahoang lugar kung saan madali itong makita o mabasa at makapagbigay ng kopya sa mga manggagawa kapag hiniling.**

### IKAW AY MAY KARAPATAN SA 'EARNED SICK LEAVE'.

### Kabuoan ng 'Earned Sick Leave'

Ang iyong tagapag empleyo ay dapat mag kaloob ng hanggang apatnapung oras (40) ng 'earned sick leave' na benepisyo kada taon . Ang taonang benepisyo galling sa iyong tagapag empleyo ay:

Simula ng Taonang Benepisyo: __________ Katapusan ng Taonang Benepisyo: ____________

### 'Rate of Accrual'

Makakaipon ka ng 'sick leave' na katumbas ng isang oras sa bawat tatlumpung oras na pagtatrabaho, na hanggang apatnapung oras lamang na 'leave' kada taonang benepisyo. Kahalili nito, ang iyong tagapag empleyo ay maaring magkaloob ng agarang apatnapung oras na 'earned sick leave'.

### Petsa ng Pagsimula ng 'Accrual'

Makakaipon ka ng 'sick leave' simula Octobre 29, 2018, o sa unang araw ng iyong panunungkulan, alin man ang mas huli.

*Pagbubukod:* Kung ikaw ay saklaw sa kasunduan sa kolektibong pakikipagkasundo na napabisa noong Octubre 29, 2018, ayon sa batas na ito, makakaipon ka lamang ng 'sick leave' sa katapusan ng nasabing kasunduan.

### Petsa kung kailan pwede nang gamitin ang naipong 'sick leave'

Ayon sa batas na ito maari nang gamitin ang naipon na 'sick leave' makaraan ang isang daan at dalawampung araw pagkatapos ng unang araw ng iyong panunungkulan.

### Mga Katanggap-tanggap na Rason Kung Saan Pwedeng Gamitin ang Naipon na 'Sick Leave'

Maaring gamitin ang naipon na 'sick leave' at lumiban sa trabaho kapag:

- Ikaw ay nangangailang ng pagsusuri, pag-aalaga, pag papagamot, o pag hilom galing sa mental o pisikal na sakit, pinsala, o kondisyong pang kalusugan; o kung ikaw ay nangangailangan ng 'preventive medical care'
- Kapag kailangan mong pangalagaan ang meyembro ng iyong pamilya sa panahon ng pagsusuri, pag-aalaga, pag papagamot, o pag hilom galing sa mental o pisikal na sakit, pinsala, o kondisyong pang kalusugan; o kapag kailangan ng meyembro ng iyong pamilya ang 'preventive medical care'
- ikaw o meyembro ng iyong pamilya ay biktima ng karahasan sa tahanan o karahasan sa sekswalidad at nangangailan ng panahon para sa pag pagpapagamot, pagpapayo o pag hahanda para sa legal na pag lilitis.
- Kailangan na dumalo sa mga komperenysa, pulong, o mga pang yayaring kaugnay sa edukasyon ng iyong anak, o dumalo sa mga pampaaralang pulong na kaugnay sa kalusugan ng inyong anak.
- Ang iyong pinag tatrabahoan ay mag sasara dahil sa isang pampublikong emerhensyang pangkalusugan o kailangan mong pangalagaan ang isang bata kung saan ang kanyang paaralan

### Meyembro ng Pamilya

Kinikilala ng batas ang mga sumusunod bilang "meyembro ng pamilya:"

- Anak (biyolohikal, ampon o kinakapatid ng anak; 'stepchild'; 'legal ward'; anak ng kinakasama o asawa)
- Apo
- Kapatid
- Asawa
- Kinakasama o asawa sa unyong sibil
- Magulang
- Lolo o Lola
- Asawa, kinakasama, o asawa sa unyong sibil ng magulang ng empleyado o lolo/lola
- Kapatid ng asawa ng empleyado, kinakasama o asawa sa unyong sibil
- Iba pang indibidwal na kadugo ng empleyado
- Iba pang indibidwal na malapit sa empeyado at tinuturing na rin na pamilya

### Paunang Paunawa

Kung ang pangangailangan sa pag gamit ng naipong 'sick leave' ay nakikinita (maaring maiplano ng maaga), ang iyong tagapag-empleyo ay maaring mangailangan ng hanggang pitong araw na paunang abiso sa iyong intensyon sa pag gamit ng naipong 'sick leave'. Kung ang pangangailan ng pag gamit ng naipong 'sick leave' hindi inaasahan (hindi maaring maiplano ng maaga), ang iyong tagapag-empleyo ay maaring mangailangan ng agarang abiso.

### Dokumentasyon

Ang iyong tagapag-empleyo ay maaring mangailangan ng makatwirang dokumentasyon kung ang nagamit sa naipong 'sick leave' ay tatlo o higit pang magkakasunod na araw ng trabaho, o sa mismong petsang tinutukoy ng tagapag-empleyo. Ang batas na ito ay nagbabawal sa mga tagapag-empleyo na hilingin mula sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang medical na rason ng pag liban sa trabaho.

### Hindi Nagamit na 'Sick Leave'

Hanggang apatnapung oras ng hindi nagamit na 'sick leave' ang maaring madagdag sa kasunod na taonang benepisyo. Subalit, ang iyong tagapag-empleyo ay maari lamang mag pahintulot nang hanggang apatnapung oras na bakasyon sa kada taonang benepisyo. Kahalili nito, ang iyong tagapag empleyo ay maaring mag alok na bilhin ang hindi pa nagagamit na naipong 'sick leave' sa katapusan ng taonang benepisyo.

### Mayroon Kang Karapatan na Maging Malaya mula sa Paghihiganti sa Pag gamit ng Naipong 'Sick Leave'

Ang iyong tagapag-empleyo ay hindi pwedeng gumanti laban sa iyo dahil sa:

- Paghiling at pag gamit ng naipong 'sick leave"
- Pag sampa ng reklamo ukol sa hinihinalang pag labag sa batas
- Pakikipag-ugnayan sa ibang tao, kabilang sa mga katrabaho, ukol sa anumang paglabag sa batas
- Paglahok sa pagsisiyat ukol sa hinihinalang pag labag sa batas,at
- • Pag papaalam ng ibang tao ng mga potensyal na karapatan ng taong iyon sa ilalim ng batas.

Ang pag hihiganti ay kinabibilangan ng anumang pagbabanta, disiplina, demosyon, suspensyon, o pag bawas sa oras, o anumang iba pang salungat na aksyon laban sa iyo dahil sa pag tatangkang pag gamit ng anumang karapatan na garantisado sa ilalim ng batas.

### May Karapatan Kang Mag Sampa ng Reklamo

Maari kang mag sampa ng reklamo sa Kagawaran ng Paggawa at Pagpapaunlad Puwersa ng Hanap Buhay ng New Jersey

'online' sa nj.gov/labor/wagehour/complnt/filing_wage_claim.html
O tumawag sa 609-292-2305 sa pagitan ng mga oras na of 8:30 ng umaga at 4:30 ng hapon., Lunes hanggang Biyernes.

**Magtabi ng kopya ng pauwang ito at nang lahat ng dokumento na magpapatunay ng naipong 'sick leave' at ang mga nagamit na.**

Mayroon kang karapatan na mabigyan ng paunawang ito sa wikang Ingles at kung maari, ay sa iyong pangunahing wika.

Para sa karagdagang inpormasyon bisitahin ang 'website' ng Kagawaran ng Paggawa at Pagpapaunlad Puwersa ng Hanap Buhay: nj.gov/labor

Ipinatupad ng: Kagawaran ng Paggawa at Pagpapaunlad Puwersa ng Hanap Buhay ng NJ

Division of Wage and Hour Compliance, PO Box 389, Trenton, NJ 08625-0389 • 609-292-2305

Ito at iba pang kinakailangang 'poster' ay libreng makukuha 'online' sa nj.gov/labor, o galing sa opisina ng 'Constituent Relations', PO Box 110, Trenton, NJ 08625-0110 • 609-777-3200.

Kung kailangan mo ang dokumentong ito sa Braille o malaking printa, tumawag sa 609-292-2305. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaring makipag ugnayan sa kagawaran na ito sa pamamgitan ng New Jersey

NEW JERSEY DEPARTMENT OF
LWD
LABOR AND WORKFORCE DEVELOPMENT
n j . g o v / l a b o r

***Ipaskil ang 'poster'na ito kung saan madali itong makita o mabasa.***